# Mayroon kayong karapatang makatanggap ng “Makatwirang Pagtatantya” (“Good Faith Estimate”) na nagpapaliwanag sa magiging gastos sa iyong pangangalagang medikal

Sa ilalim ng batas, kailangan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na bigyan ang **mga pasyente nilang walang insurance o hindi gumagamit ng insurance** ng pagtatantya ng singilin para sa mga medikal na item at serbisyo.

- Mayroon kayong karapatang makatanggap ng Makatwirang Pagtatantya ng kabuuang inaasahang gastos sa anumang item o serbisyong hindi pang-emergency. Kasama rito ang mga nauugnay na gastos tulad ng mga medikal na test, mga inireresetang gamot, kagamitan, at mga bayarin sa hospital.

- Tiyaking bibigyan kayo ng inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Makatwirang Pagtatantya nang kahit 1 araw ng negosyo bago ang inyong medikal na serbisyo o item. Puwede kayong humiling ng Makatwirang Pagtatantya sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, at anumang iba pang provider na pipiliin ninyo, bago kayo magpaiskedyul ng item o serbisyo.

- Kung makakatanggap kayo ng bill na aabot nang kahit $400 na lampas sa inyong Makatwirang Pagtatantya, puwede ninyong hamunin ang pagbibigay ng bill.

- Tiyaking mayroon kayong kopya o litrato ng inyong Makatwirang Pagtatantya.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa inyong karapatang makatanggap ng Makatwirang Pagtatantya, bumisita sa www.cms.gov/nosurprises o tawagan ang 1-800-985-3059.